


5

# Arts

## Ikatlong Markahan – Modyul: 6 Ang Sining ng Paglilimbag



**Arts – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikatlong Markahan – Modyul 6: Ang Sining ng Paglilimbag  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rogelio L. Arabiana, Jr.  
**Editors:** Eden Lynne V. Lopez, Ana Lou R. Montilla  
**Tagasuri:** Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Jose Aldrin F. Avellana  
**Tagaguhit:** Roel G. Cala  
**Tagalapat:** Eden Lynne V. Lopez, Jogene Alilly C. San Juan  
**Tagapamahala:** Ramir B. Uytico  
Arnulfo M. Balane  
Rosemarie M. Guino  
Joy B. Bihag  
Ryan R. Tiu  
Nova P. Jorge  
Raul D. Agban  
Lorelei B. Masias  
David E. Hermano, Jr.  
Shirley L. Godoy  
Eva D. Divino  
Jo-ann C. Rapada

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Schools Division of Baybay City – Region VIII**

Office Address: Diversion Road, Barangay Gaas, Baybay City, Leyte

Telefax: 335 – 2093 / 563 - 8100

E-mail Address: baybay.city@deped.gov.ph

**5**

# **Arts**

## **Ikatlong Markahan – Modyul 6: Ang Sining ng Paglilimbag**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Ang sining ng paglilimbag ay pamamaraan ng paglipat ng larawang iginuhit at inukit na maaaring ginawa mula sa kahoy. Inililimbag ito sa anumang bagay tulad ng papel at tela sa pamamagitan ng tinta.

Sa modyul na ito, matututunang gumawa ng libro o kalendaryo sa pamamagitan ng paglilimbag na maaaring iregalo, ibenta, o ipakita sa dingding ng paaralan (A5PR-IIIg). Inaasahang makakamit ang sumusunod na mga layunin:

- a. Natutukoy ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang ng paglilimbag;
- b. Nakagagawa ng libro o kalendaryo sa pamamagitan ng paglilimbag na maaaring iregalo, ibenta, o ipakita sa dingding ng paaralan o sa bahay;
- c. Naipahahayag ang damdamin sa paglikha ng sariling sining.



## **Subukin**

Panuto: Tukuyin ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa *Okra Printing*. Lagyan ng bilang 1-8. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


- \_\_\_ Idiin ito sa papel o sa tela.
- \_\_\_ Dahan-dahang iangat ang *okra stamp*.
- \_\_\_ Magtatak pa ng maraming hugis bulaklak sa papel.
- \_\_\_ Patuyuin ang nalikhang disenyo at isabit sa dingding.
- \_\_\_ Ihanda ang okra.
- \_\_\_ Putulin ang okra (isang pulgada mula sa itaas ng okra).
- \_\_\_ Ihanda ang pintura o pangkulay.
- \_\_\_ Isawsaw ang *okra stamp* sa pintura.

## Aralin

# 6

## Arts: Ang Sining ng Paglilimbag

Ang sining ng paglilimbag ay pamamaraan ng paglilipat ng larawang iginuhit at inukit na maaring ginawa mula sa kahoy.



### ***Balikan***

Anu-ano ang mga kagamitang ginamit sa mga likhang-sining at paglilimbag?

---

---

Nasiyahan ka ba sa mga likhang-sining na nagawa mo mula sa mga nakaraang modyul? Bakit? \_\_\_\_\_

---

Paano mo kaya ito mapapakinabangan? \_\_\_\_\_

Ipunin ang mga nagawang *prints* sa mga nakaraang modyul para magamit sa pagkamit sa layunin ng modyul na ito.



### ***Tuklasin***

Gamit ang papel, lapis at mga barya ng sampung piso, limang piso o piso, ilipat ang larawan ng mga barya sa loob ng kahon na nasa ibaba.

Nabuo ba ang larawan ng barya sa inyong papel? \_\_\_\_\_

Paano mo nailipat ang larawan ng barya sa inyong papel?

\_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_.

Ipunin ang mga larawang nagawa upang makabuo ng libro o kalendaryo na maaaring isabit sa dingding ng bahay o ng paaralan.



## ***Suriin***

Ang paglilimbag ay ang paglilipat ng larawang iginuhit at inukit sa anumang bagay tulad ng papel at tela gamit ang tinta. Nagsimula ang sining ng paglilimbag sa bansang Tsina dantaon na ang nakalipas. Ginamit nila ang paglilimbag bilang pamamaraan ng pagtala ng kasaysayan ng kanilang bansa. Ginamit din nila itong paraan ng pagkukuwento gamit ang mga larawan.

Sa bansang Hapon, ang paglilimbag ay pinalawak bilang isang sining. Ang *ukiyo-e* ay mga larawang nilimbag na nagpapakita ng pangaraw-araw na gawain at larawan.

May iba't ibang uri ng sining ng paglilimbag na ipinakilala at pinasikat sa Asya, Europa, Africa, at iba pang bahagi ng mundo.


Ang iba't ibang uri nito ay *monoprint*, *intaglio*, *aquatint*, *engraving*, *etching*, *mezzotint*, *linocut*, *block print*, *lithography*, *silk screen* o *serigraph*, *woodblock print*, at *drypoint*.

Ang *monoprinting* ay isang uri ng paglilimbag kung saan natatangi ang bawat malilikhang larawan. Hindi ito tulad ng ibang uri ng paglilimbag kung saan maaaring lumikha ng maraming kopya ng orihinal na larawan.

Isinasagawa ang *monoprinting* sa pamamagitan ng paglalagay o pagdaragdag ng tinta (*additive method*) o pagtatanggal o pagbabawas ng tinta (*subtractive method*) sa malinis na *plate* na karaniwang *metal* o salamin.

Mga halimbawa ng paglilimbag gamit ang iba't ibang kagamitan sa paligid.

### A. Paglilimbag gamit *cardboard*



Hakbang:

1. Iguhit ang larawan na gustong ilimbag sa isang cardboard.
2. Gupitin ang mga hugis at linya na bubuo sa larawan.
3. Idikit ito sa isang pirasong papel at ayusin ang larawan.
4. Lapatan ng acrycolor ang bahagi na nakaumbok sa cardboard sa pamamagitan ng brush.
5. Ipatong ang puting papel sa bahaging may kulay at dahan-dahang iangat.
6. Patuyuin ang papel.

B. Paglilimbag gamit ang okra



Hakbang:

1. Ihanda ang okra.
2. Putulin ang okra (1 inch mula sa itaas ng okra).
3. Ihanda ang pintura o pangkulay.
4. Isawsaw ang okra stamp sa pintura.
5. Idiin ito sa papel o sa tela.
6. Dahan-dahang iangat ang okra stamp.
7. Magtatak pa ng maraming hugis bulaklak sa papel.


C. Paglilimbag gamit ang dahon



Hakbang:

1. Gupitin ang dahon sa kahit anong gustong hugis.
2. Lapatan ng *acrycolor* ang likod ng dahon. Ipatong ito sa loob ng kahon at bumuo ng hugis o larawan.
3. Patuyuin ang dahon.
4. Iligpit ang pinaggawaan pagkatapos ng gawain.
5. Maaari muna itong ipunin para maisabit sa dingding ng inyong bahay o sa iyong paaralan.










# Pagyamanin


## Gawain 1

Panuto: Pagmasdang mabuti ang larawan sa ibaba. Tukuyin ang wastong pagkakasunod-sunod na mga hakbang sa paglilimbag sa pamamagitan ng paglagay ng mga numero 1-5 sa patlang.



## Gawain 2

1. Gumuhit ng larawan sa kahit anong gustong paksa tulad ng bulaklak, bundok, bahay at iba pa. Ilimbag ang hugis at detalye nito sa likod ng dahon.
2. Ihanda ang mga materyales tulad ng iba't ibang klase ng dahon, *acrycolor*, *brush*, at gunting.
3. Sundin ang mga hakbang sa paglilimbag gamit ang dahon batay sa ating tinalakay.
4. Suriin ang ginawang paglilimbag at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik na makikita sa pahina 14.




Ano ang paksa ng larawang iyong inilimbag? \_\_\_\_\_

Bakit ito ang iyong napiling ilimbag? \_\_\_\_\_

## Gawain 3

Piliin at bilugan ang *emoji* na nagpapahayag ng iyong nararamdaman pagkatapos mong makalikha ng sariling sining. Magbigay ng kaunting paliwanag kung bakit ito ang iyong nararamdaman.



## **Isaisip**

Buuin ang sumusunod na mga parirala batay sa iyong mga natutuhan:

Ang natutuhan ko sa aralin na ito ay \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_

Ang napagtanto ko sa aralin na ito ay \_\_\_\_\_

\_\_\_\_\_



## **Isagawa**

Gumawa ng maraming mga disenyo sa pamamagitan ng paglilimbag na maaaring iregalo, ibenta o ipakita sa dingding ng paaralan o ng bahay.

Mga kagamitan:

2 pirasong *cardboard* (8.5 x 11 inches), gunting, *glue*, puting papel, *acrylic* o *pastel color*

Mga hakbang sa paggawa:

1. Iguhit ang larawan na nais mong ilimbag sa isang *cardboard*.
2. Gupitin ang mga hugis at linya na bubuo sa larawan.
3. Idikit ito sa isang pirasong papel at ayusin ang larawan.
4. Lapatan ng *acrylic* o *pastel color* ang bahagi na nakaumbok sa *cardboard* sa pamamagitan ng *brush*.
5. Ipatong ang puting papel sa bahaging may kulay at dahan-dahang itong iangat.
6. Patuyuin ang papel.
7. Pagkatapos isabit sa dingding ang inyong mga nagawa.
8. Suriin ang ginawang likhang-sining at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik na makikita sa pahina 14.



### Tayahin

- A. Panuto: Tukuyin ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa paglilimbag sa pamamagitan ng paglalagay ng mga numero 1-6 sa patlang. Isulat ito sa sagutang papel.
- \_\_\_ 1. Patuyuin ang papel.
  - \_\_\_ 2. Ipatong ang puting papel sa bahaging may kulay at dahan-dahang iangat.
  - \_\_\_ 3. Lapatan ng *acrylic* o *pastel color* ang bahagi ng nakaumbok na *cardboard* sa pamamagitan ng *brush*.
  - \_\_\_ 4. Idikit ito sa isang pirasong papel at ayusin ang larawan.
  - \_\_\_ 5. Gupitin ang mga hugis at linya na bubuo sa larawan.
  - \_\_\_ 6. Iguhit ang larawan na gustong ilimbag sa isang *cardboard*.
- B. Gawin ang sumusunod na hakbang:
- ✓ Ipunin ang mga nailimbag na larawan hindi lamang sa modyul na ito kundi pati na ang lahat ng mga nailimbag sa nakaraang mga modyul. Ibigkis ang mga ito upang makagawa ng isang libro o kalendaryo.
  - ✓ Ang nagawang *compilation of prints*, libro o kalendaryo ay puwede mong itinda o ibigay sa iyong mga kaibigan at kakilala.
  - ✓ Dahil tayo ay *stay at home* pa, mas maigi kung ibahagi na lang ito sa pamamagitan ng isang payak na eksibit o pagdikit sa dingding ng bahay.
  - ✓ Humanap ng lugar sa loob ng inyong bahay kung saan maaaring itanghal ang iyong likhang-sining o *compilation of prints*.
  - ✓ Mag-ingat sa pagkakabit ng iyong mga likhang-sining o *compilation of prints*. Maaaring ikaw ay madisgrasya o kung hindi naman, ikaw ang makadisgrasya.
  - ✓ Iulat mo ang nasabing *compilation of prints* sa mga kapamilya o kasamahan sa bahay.

- ✓ Kunan ng larawan ang nagawang *compilation of prints* para maipakita sa guro pagbalik mo sa silid-aralan.
- ✓ Suriin ang ginawang likhang-sining at lapatan ng kaakibat na puntos gamit ang rubrik sa ibaba.



## Karagdagang Gawain

Paano mo maiingatn ang iyong likhang-sining. Ipaliwanag at isulat ang sagot sa loob ng kahon.

RUBRIKS PARA SA LIKHANG-SINING sa pagbigay ng puntos sa “Isagawa”

Mga Sukatan	Higit na nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining	Nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining	Hindi nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining
	5	3	2
1. Isinagawa ang paglilimbag gamit ang wastong teknik at pamamaraan.			
2. Malinaw ang pagkakalimbag at kitang-kita ang paksa nito.			
3. Maganda, angkop, at nababagay sa paksa ang ginamit na mga kulay.			
4. Nakikita ang pagsusumikap ng mag-aaral na makalikha ng natatanging likhang-sining.			

RUBRIKS PARA SA COMPILATION OF *PRINTS* O PAYAK NA EKSIBIT

Mga Sukatan	Higit na nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining	Nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining	Hindi nasunod ang pamantayan sa pagbuo ng likhang-sining
	5	3	2
1. Isinagawa ang payak na eksibit gamit ang wastong teknik at pamamaraan.			
2. Maganda, angkop, at nababagay sa paksa ang ginamit na mga kulay.			
3. Nagamit ang mga teknik ng paglilimbag upang makalikha ng <i>compilation of prints</i> .			
4. Nakita ang pagsusumikap ng mag-aaral na makalikha ng natatanging likhang-sining			



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Isagawa</b></p> <p>*sumangguni sa rubriks para sa paggawa ng likhang-sining</p> <p><b>Tayahin</b></p> <p>Part I 6,5,4,3,2,1</p> <p>Part II</p> <p>*sumangguni sa rubriks para sa paggawa ng likhang-sining</p>	<p><b>Pagymanin</b></p> <p><b>Gawain 1</b></p> <p><math>\frac{1}{4}</math> <math>\frac{1}{5}</math> <math>\frac{2}{5}</math> <math>\frac{3}{5}</math></p> <p><b>Gawain 2</b></p> <p>*sumangguni sa rubriks para sa paggawa ng likhang-sining</p> <p><b>Gawain 3</b></p> <p>*Depende sa tugon ng mga bata</p>	<p><b>Subukin</b></p> <p>5, 6, 7, 8, 1, 2, 3, 4</p> <p><b>Balikan</b></p> <p>*Depende sa tugon ng mga bata</p> <p><b>Balikan</b></p> <p>*Depende sa output at tugon ng mga bata</p>
--	--	---

## **Sanggunian**

Copiaco, Hazel, and Emilio Jacinto Jr. *Halinang Umawit At Gumuhit 5*. Reprint, Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines: Vibal Group Incorporated. 2016, 2016, pahina 140-143

*Kratochvil, Petr. Publicdomainpictures.Net. Accessed 7 August 2020.*  
<https://www.publicdomainpictures.net/pictures/30000/velka/cardboard-texture.jpg>.

*Brown, Sheila. Publicdomainpictures.Net. Accessed 7 August 2020.*  
<https://www.publicdomainpictures.net/pictures/300000/velka/okra-pods-on-wood-table.jpg>.

*"Dahon Nin Kayab-Kayab.Jpg". Bcl.M.Wikipedia.Org, 2016.*  
[https://bcl.m.wikipedia.org/wiki/Ladawan:Dahon\\_nin\\_kayab-kayab.jpg](https://bcl.m.wikipedia.org/wiki/Ladawan:Dahon_nin_kayab-kayab.jpg).



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)